


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 8: “Kaunlaran ng Bayan, Kabahagi ang Mamamayan”



Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan Modyul 3– “Kaunlaran ng Bayan, Kabahagi ang Mamamayan” Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Emma A. Jadie
Editor:	Jerry P. Ramirez at Ma. Leilani R. Lorico
Tagasuri:	Ana N. Calisura
Tagaguhit:	
Tagalapat:	Edsel D. Doctama; Paulina Crescini
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad
	Francisco B. Bulalacao Jr.
	Grace U. Rabelas
	Ma. Leilani R. Lorico
	Imelda R. Caunca
	Marites B. Tongco

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City 4500, Philippines

Telefax: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 8:

“Kaunlaran ng Bayan, Kabahagi ang Mamamayan”

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa nakaraang aralin, napag-aralan ang kahulugan ng kaunlaran o ng isang maunlad na bayan. Natutunan mo rin ang kahalagahan na ginagampanan ng mamamayan sa kaunlaran ng bayan. Sa araling ito, mauunawaan mo naman na mahalagang mapaunlad ang sarili nang sa gayon ay mapaunlad din ang bansa. Mahalagang mapaunlad ang sarili upang maging makatulong ito sa pagsulong at kaunlaran ng bansa kung saan ka kabilang at naninirahan.

Pamantayang Pangnilalaman:


Naipamamalas ng mag-aaral ang pang-unawa at pagpapahalaga sa kanyang mga karapatan at tungkulin bilang mamamayang Pilipino

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakikilahok sa mga gawaing pansibiko na nagpapakita ng pagganap sa kanyang tungkulin bilang mamamayan ng bansa at pagsasabuhay ng kanyang karapatan.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nasusuri ang bahaging ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa; at
2. Naipapaliwanag kung paano nakatutulong sa pag-unlad ng bansa ang pagpapaunlad ng sariling kakayahan at kasanayan.



Paano mo mapauunlad ang sariling kakayahan at kasanayan?

Paano makatutulong sa pagsulong at pag-unlad ng bayan ang sarili mong pagpapaunlad ng mga ito?

Tara! Sabay nating tuklasin ang bagong aralin.



Subukin

Panuto. Basahin at unawain ang sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel. (Gawin sa loob ng 5 minuto)

1. Sino ang bumubuo ng bansa at ng lipunan?
 - A. Mamamayan
 - B. Barangay
 - C. Katoliko
 - D. Pulitiko

2. Sa panahon ngayon na ang Pilipinas ay nakikipaglaban sa COVID 19 Pandemic, paano mo mapapangalagaan ang iyong sarili para sa iyong pamilya at para sa bansa?
 - I. Pangalagaan ang kalusugan.
 - II. Sumunod sa mga *health protocols*.
 - III. Umiwas sa matataong lugar.
 - IV. Makipagkita sa mga kapamilyang uuwi galing sa ibang lugar.

A. I at II B. I at III C. I at IV D. I, II, at III

3. Ano-ano ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa pag-unlad ng isang bansa?
 - A. Yamang lupa at yamang tubig
 - B. Yamang mineral at yamang di-mineral
 - C. Yamang dagat at yamang kagubatan
 - D. Yamang likas, yamang tao at mga yamang likha ng tao


4. Ano ang ibig sabihin ng “*Ang pag-unlad ng mamamayan ay pag-unlad din ng bansa*”?
- A. Nakasalalay sa mga mamamayan ang pag-unlad ng bansa.
 - B. Ang mga mamamayan ang namamahala sa parehong yamang likas at yamang likha ng tao na mahalaga sa pagsulong ng isang bansa.
 - C. Dapat na mapangalagaan at mapaunlad ang sarili nang sa gayon ay makaambag sa kaunlaran ng bansa.
 - D. Pangalagaan ang kapaligiran dahil taglay nito ang kaunlaran ng bayan.
5. Ang mga sumusunod ay mga katangian ng mamamayan na nakatutulong sa pag-unlad ng bansa. Alin ang HINDI?
- A. Pangalagaan ang sariling kalusugan.
 - B. Pagkakaroon ng tamang saloobin sa paggawa.
 - C. Pagkakaroon ng mga mamamayan na mabubuting mamimili.
 - D. Pagkakaroon ng maraming mga kaibigan.
6. Paano makatutulong sa pag-unlad ng isang bansa ang mamamayang maituturing na mabuti at matalinong mamimili?
- A. Kung ang matalinong mamimili ay mamamayang alam ang kaniyang mga karapatan.
 - B. Alerto siya sa pagmamasid sa mga maling gawain lalo na sa pagsusukli at paggamit ng timbangan.
 - C. Hindi siya nagsasamantala lalo na sa panahon ng kalamidad at krisis.
 - D. Kung ang isang matalinong mamimili ay tinatangkilik ang mga lokal na produkto at serbisyong makapagpapaunlad sa sariling bansa.

7. Ang pagpapabuti ng mga gawain, pakikitungo sa kasama sa paggawa at pagpasok sa trabaho nang tama sa oras ay mga gawain ng taong _____ .
- A. May mabuting pangangalaga sa kalusugan.
 - B. May magandang pangitain sa kanyang pangarap.
 - C. May mabuting hangarin sa kapwa tao at sa bansa.
 - D. May mabuting saloobin sa paggawa.
8. Alin sa mga sumusunod ang isa sa pangunahing tungkulin ng isang mamamayan?
- A. Pagiging isang mabuting mamimili
 - B. Pagkakaroon ng tamang saloobin sa paggawa
 - C. Pangangalaga sa kalusugan
 - D. Pag-aaral ng mabuti
9. Isa pa sa magandang katangian ng isang mamamayan ay ang paglinang ng sariling kakayahan. Paano mo malilinang ang iyong sariling kakayahan?
- A. Makipagsapalaran sa ibang bansa.
 - B. Sumali sa mga paligsahan sa pagandahan.
 - C. Magkaroon ng mayayamang kaibigan.
 - D. Huwag huminto sa pag-aaral ng makabagong teknolohiya at maging produktibo.
10. Ang pagiging produktibo ay pagiging maabilidad at malikhain. Piliin kung alin sa mga kalagayan ang nagpapakita ng pagiging produktibo.
- A. Mahilig si Liza bumili ng mga imported na produkto.
 - B. Binibili agad ni Raymond kung ano ang maibigan niya.
 - C. Magaling si Ana gumawa ng mga palamuti galing sa patapong bagay.
 - D. Sinisiguro ni Mario na marami siyang dalang *groceries* sa bahay.

Aralin

1

“Kaunlaran ng Bayan, Kabahagi ang Mamamayan”



Balikan

Panuto. Pusuan ang sa palagay mo ay paraan na nagpapakita ng pagtataguyod ng mga mamamayan para sa kaunlaran ng bansa. Panatilihin namang blanko ang kahon ng sa palagay mo ay di karapat-dapat. (Gawin sa sagutang papel sa loob ng 3 minuto)

1. Paglinang ng sariling katalinuhan at kakayahan.
2. Pagiging produktibo
3. Pagmamahal sa bansa at kapuwa Pilipino.
4. Pagsapi sa mga organisasyon sa aking barangay.
5. Pagtulong sa pagtigil ng katiwalian at maling gawain sa pamahalaan.
6. Pagsunod sa mga batas.
7. Pangangalaga sa kapaligiran at pamanang lahi.
8. Pagkanta sa simbahan tuwing may misa.
9. Pag-iingat sa mga pampublikong gamit at lugar.
10. Pagsali sa mga paligsahan sa basketball.



Tuklasin

Suriin ang mga larawan sa bawat bilang. Ayusin ang ginulong mga salita sa loob ng kahon patungkol dito upang makabuo ng wastong pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. (Gawin sa loob ng 2 minuto)



Website: https://commons.wikimedia.org/wiki/File:People_are_buying_fruits.jpg

1. mamimili
matalinong Maging

https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Female_joggers_on_foggy_Morro_Strand_State_Beach.jpg




2. sa nangangalaga
Taong kalusugan



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Black_Man_Working_at_his_Desk_Cartoon_Vector.svg

3. saloobin paggawa Tamang
sa

Ano ang nabuo mong mga pangungusap? Ano kaya ang ibig sabihin ng mga ito at ano ang kaugnayan nito sa paksang pag-aaralan?





Suriin

Panuto. Basahin at pag-aralan sa loob ng 8 minuto.

Ang mga mamamayan ang bumubuo ng bansa at lipunan. Nakasalalay sa kanila ang pagtataguyod at pagsulong ng bansa. Magiging matagumpay ang pag-iral ng isang bansa kung ang mga salik na nakaiimpluwensiya rito ay tunay na napapangasiwaan. Ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa bansa ay ang mga likas na yaman, yamang tao, at mga yamang likha ng tao. Ang mga likas na yaman ay binubuo ng katubigan, kalupaan, at kapaligiran. Ito ang pinanggagalingan ng mga bagay at produktong kailangan natin upang mabuhay. Yamang tao naman ang mga mamamayang bumubuo ng bansa. Tayo ang nangangasiwa at gumagawa ng pag-unlad ng bansa dahil tayo ang may lakas, talino, at kakayahan para gawin ang mga ito. Ang mga yamang gawa ng tao ay binubuo ng mga pampublikong ari-arian tulad ng makinarya, gusali, at maging mga paliparan at tulay na kailangan ng bansa upang mapadali ang pagpaparoo't parito ng mga produkto.

Malaki ang bahaging ginagampanan ng mga mamamayan para sa pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa. Pag aralan ang graphic organizer kaugnay nito.

Mga katangian at gampanin ng mamamayan para sa pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa



1. Pangangalaga sa Kalusugan

kailangan ang mabuting kalusugan upang mabuhay, makapag-aral at makapagtrabaho ng maayos

Ang malusog na isip at pangangatawan ay nakapagdudulot ng mabuting pamumuhay, pakikitungo sa kapwa, at pamamahala ng kailangan para umunlad


Linangin ang kakayahan, huwag huminto sa pag-aaral upang maging produktibo

Ang pagiging produktibo ay pagiging maabilidad at malikhain sa pagtugon sa sariling pangangailangan at nakatutulong sa pamilya, kamag-anak, pamayanan, at bansa.

2. Tamang saloobin sa Paggawa

- Gamitin ang kakayahan nang kusang loob
- Pagbutihin ang gawain
- Makisama nang mabuti sa kasama sa paggawa
- Pumasok sa trabaho sa tamang sa oras
- Ipahayag nang buong sigla ang papuri sa kapwa

3. Maging matalinong mamimili



Ang yamang tao ang pinakamahalagang yaman ng isang bansa. Magsisimula ito sa sariling pagpapaunlad. Mapauunlad ang sariling kakayahan at kasanayan kung mapangangalagaan ang kalusugan. Makatutulong sa pagsulong at pag-unlad ng bayan ang sariling pagpapaunlad. Nakasalalay ito sayo at sa mga mamamayan kabilang sa lipunan. Ikaw at ang mga mamamayan ang namamahala sa parehong yamang likas at yamang likha ng tao na mahalaga sa pagsulong ng isang bansa. Dapat na mapangalagaan at mapauunlad ang iyong kalusugan, dapat na maging isa kang matalinong mamimili at dapat taglay mo ang pagkakaroon ng tamang saloobin sa paggawa nang sa gayon ay may maiaambag ka sa kaunlaran ng iyong barangay, lugar o ng bansa.



Pagyamanin


Gawain A



Panuto. Lagyan ng tsek (✓) ang mga simbolo sa bawat pahayag na nakatutulong sa pag-unlad ng sarili o ng bansa at ekis naman (X) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Sagutin ang mga gawain sa loob ng 7 minuto.



- ★ 1. Nagsasanay nang mabuti si Mikaela sa paglangoy upang makasali sa pambansang koponan.
- ⊕ 2. Madalang mamasyal sa parke si Lara dahil tumutulong siya sa tindahan ng kaniyang tiyahin.
- ◻ 3. Mahilig magkumpuni ng mga sirang kagamitan si Mang Lito.
- ♥ 4. Bata pa lamang si Inso ay mahilig ng sumugal.
- △ 5. Mahilig makipaghuntahan si Aling Selya. Pati paghahanda ng pananghalian ay nalilimutan niya.
- ◡ 6. Kahit kailan di nabisita ni Jing ang silid-aklatan sa kanilang paaralan.
- 7. Laging huli sa pulong si Cristina.
- ◻ 8. Mahilig sumabad si Liza sa usapan at hindi sinusuri ang binibitawan niyang mga salita.
- ➡ 9. Nanonood si Raymond ng mga programang pang-
edukasyon sa telebisyon.
- ◊ 10. Masipag pa ring sinasagutan ni Lucia ang mga modyul niya kahit wala sa paaralan.

Gawain B

Punan ang mga palaso ng angkop na ideya o salita upang mabuo ang mga konsepto tungkol sa mga gampanin ng mamamayan na nakatutulong sa pag-unlad ng bansa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Nakasalalay sa mga  ang pag-unlad ng bansa.

Ang mga mamamayan ang namamahala sa parehong yamang 
at yamang  na mahalaga sa pagsulong ng isang bansa.

Dapat na mapangalagaan at  ang sarili nang sa gayon ay
makaambag sa  ng bansa.

Gawain C

Isulat sa angkop na hanay ang mga pahayag na nasa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Inuunang bilingin ang kailangan bago ang mga luho
 Pinagbubuti ang gawain
 Linilinang ang sariling kakayahan
 Pagiging malikhain
 Pumapasok sa takdang oras
 Mapanuri sa kalidad ng mga bilingin
 Nagpaplano ng bilingin upang makatipid sa oras
 May pakikipagkapuwa tao
 Nagtatakda ng skedyul para sa pageehersisyo
 Maabilidad at malikhain

PANGANGALAGA SA KALUSUGAN	MABUTING SALOOBIN SA PAGGAWA	MAGING MABUTING MAMIMILI



Isaisip


Sagutin ang mga tanong sa isa o dalawang pangungusap upang mabuo ang mga konseptong iyong pinag-aralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 3 minuto.

1. Ano ang naiintindihan mo sa pahayag na **“Ang pag-unlad ng mamamayan ay pag-unlad din ng bansa.”** Paano ito naisasakatuparan?

2. Bakit mahalaga na pangalagaan ang sariling kalusugan? Paano ito nakatutulong sa pag-unlad ng isang bansa?

3. Ipaliwanag ang pagkakaroon ng tamang saloobin sa paggawa. Paano ito nakatutulong sa pag-unlad ng isang bansa?

4. Paano umuunlad ang isang bansa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga mamamayang mabubuting mamimili?



Isagawa

Kopyahin ang tsart sa sagutang papel. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung gaano kadalas mo ginagawa ang mga katangian at gampaning nabanggit na nakatutulong sa pag-unlad ng bansa. Gawin sa loob ng 3 minuto.

Mga gampanin at katangian ng Mamamayan na nakatutulong sa kaunlaran ng bansa	HINDI	MINSAN	PALAGI
1. Pagpapaunlad ng sariling kakayahan			
2. Pagkakaroon ng kasanayan sa paggawa			
3. Pagiging malusog			
4. Pagiging matalinong mamimili			
5. Tinatangkilik ang mga produktong yari sa bansa			
6. Pagiging produktibo			
7. Pagbili ng kailangan at hindi ng luho lamang			
8. Pagpapaunlad ng kasanayan sa paggawa			
9. Pagtatakda ng skedyul para sa pageehersisyo			
10. Pagpapabuti sa mga Gawain			



Tayahin

Basahin at unawain ang sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.

1. Paano mo mapananatiling malusog ang iyong katawan upang makatulong sa pag-unlad ng bansa?
 - A. Gumamit ng ipinagbabawal na gamot.
 - B. Kumain ng masusustansiyang pagkain.
 - C. Mag-ehersisyo kung kailan nais gawin ito.
 - D. Manood ng telebisyon hanggang hatinggabi.
2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng taong may tamang saloobin sa paggawa?
 - A. Palaging nagrereklamo sa gawain.
 - B. Madalas magpahinga kahit oras ng trabaho.
 - C. Ipinagpapaliban ang paggawa ng gawaing bahay.
 - D. Matipid sa paggamit ng mga materyales sa opisina o pabrika.
3. Sino sa mga sumusunod ang makatutulong sa pag-unlad?
 - A. Laging huli kung pumasok sa trabaho si Juan.
 - B. Palaging tinutuos ni Pepe ang bilang ng oras ng kaniyang ipinagtatrabaho.
 - C. Pinagbubuti ni Helen ang kaniyang trabaho sa opisina kahit walang nakakakita.
 - D. Kapag binibigyan ng manedyer si Ruben ng dagdag na gawain, hindi niya ito ginagawa agad.
4. Sino sa kanila ang may tamang saloobin sa paggawa?
 - A. Si Jose na madalas na hindi tinatapos ang gawain
 - B. Si Manuel na maagang pumapasok ngunit maaga ring umuwi
 - C. Si Pedro na gumagawa lamang kapag nariyan ang manedyer
 - D. Si Celia na pinag-aaralang mabuti ang gawain upang mapagbuti ito

5. Mamimili ka sa isang malaking pamilihan sa inyong lugar dahil may *sale*. Ano ang mga bibilhin mo?
- A. Bibilhin lamang ang mga gamit na kailangan.
 - B. Bibili ng marami dahil minsan lamang itong mangyari.
 - C. Uutang sa kapitbahay upang makapamilya ng mas marami.
 - D. Maglalabas ng pera sa bangko upang makabili ng maraming murang gamit.



Karagdagang Gawain

Sumulat ng isang sanaysay na may 4 o 5 na pangungusap na tumatalakay sa iyong panata sa sarili para sa kaunlaran ng bansa. Palamutian ito ng iyong mga simbolo at iba pang representasyon sa sarili. Gawin sa loob ng 4 minuto sa iyong sagutang papel.



Susi sa Pagwawasto

<p>Isaisip (Answers may vary) (Please accept other possible answers)</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nakasalalay sa mga mamamayan ang pag-unlad ng bansa 2. Kailangan ang mabuting kalusugan upang mabuhay, makapag-ara, at makapagtrabaho nang maayos. Ang malusog na pag-iisip at pangangatawan ay nakapagdudulot ng mabuting pamunhag, pakikitungo sa kapwa, at pamamahala na kailangan para sa pag-unlad. 3. Ang pagkakaroon ng tamang saloobin sa paggawa ay nakakatulong sap ag-unlad ng bansa dahil ginagawa nito ng buong husay ang gawain at nagiging produktibo. 4. Unlad ang bansa kung magkakaroon ng mabuting mamimili kung tumatangkilik ito sa sariling mga produktong bansa 																
<p>Subukin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. A 2. D 3. D 4. A 5. D 6. D 7. D 8. C 9. D 10. D 	<p>Bayanin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. 2. 3. 4. 5. 6. 7. 8. 9. 10. 															
<p>Tayahin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. B 2. D 3. C 4. D 5. A 	<p>Tuklasin:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Maging matatlong mamimili 2. Taong nangangalaga sa kalusugan 3. Tamang saloobin sa paggawa 															
<p>Pagyananin</p> <p>Gawain A</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. <input checked="" type="checkbox"/> 2. <input checked="" type="checkbox"/> 3. <input checked="" type="checkbox"/> 4. <input checked="" type="checkbox"/> 5. <input checked="" type="checkbox"/> 6. <input checked="" type="checkbox"/> 7. <input checked="" type="checkbox"/> 8. <input checked="" type="checkbox"/> 9. <input checked="" type="checkbox"/> 10. <input checked="" type="checkbox"/> 	<p>Pagyananin</p> <p>Gawain B</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. mamamayan 2. iikas 3. Likha ng tao 4. mapanlad 5. kaunlaran 															
<p>Pagyananin</p> <p>Gawain C:</p> <table border="1"> <tr> <td>MAGING MABUTING MAMIMILI</td> <td>MABUTING SALOOBIN SA PAGGAWA</td> <td>PANGANGALAGA SA KALUSUGAN</td> </tr> <tr> <td>Inunang bilhin ang kailangan bago ang mga luho</td> <td>Pinagbuti ang gawain</td> <td>Limnang ang sariling kagayahan</td> </tr> <tr> <td>Mapanuri sa kalidad ng mga bilhin</td> <td>Pumapasok sa takdang oras</td> <td>Pagiging malikhain</td> </tr> <tr> <td>Nagpaplano ng bilhin upang makatipid sa oras</td> <td>May pakikipagkapuwa tao</td> <td>Nagtatalka ng skedyul para sa paghehersisyo</td> </tr> <tr> <td></td> <td></td> <td>Maabihidad at malikhain</td> </tr> </table>	MAGING MABUTING MAMIMILI	MABUTING SALOOBIN SA PAGGAWA	PANGANGALAGA SA KALUSUGAN	Inunang bilhin ang kailangan bago ang mga luho	Pinagbuti ang gawain	Limnang ang sariling kagayahan	Mapanuri sa kalidad ng mga bilhin	Pumapasok sa takdang oras	Pagiging malikhain	Nagpaplano ng bilhin upang makatipid sa oras	May pakikipagkapuwa tao	Nagtatalka ng skedyul para sa paghehersisyo			Maabihidad at malikhain	
MAGING MABUTING MAMIMILI	MABUTING SALOOBIN SA PAGGAWA	PANGANGALAGA SA KALUSUGAN														
Inunang bilhin ang kailangan bago ang mga luho	Pinagbuti ang gawain	Limnang ang sariling kagayahan														
Mapanuri sa kalidad ng mga bilhin	Pumapasok sa takdang oras	Pagiging malikhain														
Nagpaplano ng bilhin upang makatipid sa oras	May pakikipagkapuwa tao	Nagtatalka ng skedyul para sa paghehersisyo														
		Maabihidad at malikhain														

Sanggunian

Adriano et.al., *Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral*, Pilipinas: Vibal Group Inc. 2015 pp. 378-389

Stougaard, **English:** Some old women are buying fruits in a shop. Nanjing, China., Website'

https://commons.wikimedia.org/wiki/File:People_are_buying_fruits.jpg, Own work ,14 December 2008.

Mike Baird from Morro Bay, USA, Two healthy female joggers on foggy Morro Strand State Beach,

https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Female_joggers_on_foggy_Morro_Strand_State_Beach.jpg,

<https://www.flickr.com/photos/mikebaird/3539161615/>, Morro Bay, CA., 17 May 2009, 09:15

VideoPlasty, **English:** A black man with curly hair is sitting on an office chair and his desk and working on a computer. On the desk, you can see a red lamp, a cup of coffee, a black monitor, a pen, a pencil and a ruler,

https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Black_Man_Working_at_his_Desk_Cartoon_Vector.svg Own work, "Black Man Working at his Desk Cartoon Vector.svg from Wikimedia Commons by Videoplasty.com, CC-BY-SA 4.0"

4 March 2018

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph